

Bakit ka nakakatanggap ng imbitasyon mula sa iyong lokal na autoridad pangkalusugan?

Para paalalahanan ang mga kalalalahanan at kababaihan na may edad mula 50 hanggang 74 taong gulang na posible ang maagang pagsusuri ng Kanser sa labasan ng dumi, sa pamamagitan ng regular na pagpapatingin kada dalawang taon. Ang pagsusuring ito ay para matuklasan ang okultong dugo sa dumi, para maiwasan ang maagang pagkalat ng polip sa katawan na pwedeng maging cancer sa bituka.

Ang layunin ito ay ang posibilidad na maagapang paggamot ng mga polip sa colon, at hindi makadulot ng anumang malalang pinsala. Sa ganitong paraan, ang interbensyon ay hindi gaanong agresibo at ang mga posibilidad para maagapan ang paglaki nito.

Ang programang screening ay inaalok ng walang bayad, mula sa FOBT (Fecal Occult Blood testing) hanggang sa pagpasailalim sa anumang klasing pagsusuri at gamot na kailanganin.

Kung hindi ka pa nakatanggap ng imbitasyon mula sa iyong pampublikong sentrong pangkalusugan o hindi pa nakasali sa programang gabay pangkalusugan, maaari kang tumawag sa kanilang numero sa telepono na walang bayad para humingi ng apuntamento.

Ano ang test sa pagsusuri fecal occult blood test?

Ito ay naaangkop na pagsusuri sa pamamagitan ng isang sample ng dumi, masusuri nito ang patak ng dugo na hindi nakikita ng mata. Kung ang dugong ito

ay nanggaling sa mga polip o adenoma, sumusunod ang colonoscopy ay naangkop gamitin na maalis kaagad ang nasabing polip.

Isang tagapagkaloob ng sentrong pangkalusugan ang mag bibigay ng isang supot na nalalaman ng paglalagyan ng dumi na may mga tagubilin. Alisin ito mula sa supot at kumuha ng maliit na sample ng iyong dumi. Ilagay ito sa sa may lalagyan, isara muli at ibalik ito sa supot. Itabi ito sa loob refrigerator.

Kakailanganin mong ibalik ang specimen sa loob ng 3 araw ng koleksiyon. Ang ang ay maaari ding kolektahin at dadalhin sa kahit saan mang botika sa inyong lugar.

Pagkatapos ng pagkuha nga test?

Sa kaso ng isang normal na resulta- negatibo (walang dugo), ipinapadala ng Screening Center ang komunikasyon ng resulta direktang sa bahay ng nag papasuri sa pamamagitan ng sulat. At panibagong imbitasyon ng screening ang matatanggap pagkatapos ng dalawang taon para ulitin ang pagsusuri.

Sa 100 tao na nag pa sa ilalim ng pag susuri, 5 o 6 ang maaaring may positibo o may dugo sa dumi. Iba't ibang batayan o dahilan kong bakit may dugo ang dumi (hal. fissures, diverticula atbp.) ito ay napakahalaga gayunpaman upang suriin kung ang dugo ay nagmumula sa anumang polip.

Kung positibo ang pagsusuring ito, makikipag-ugnayan ang Centro Screening sa tao sa pamamagitan ng telepono para imbitahin sila upang sumailalim sa isang malalim na colonoscopy, sa isang

sentro o ospital (maaaring isasagawa sa pamamagitan ng request anestesia). Sa anumang karagdagan impormasyon na dapat isa alang alang ayun sa sumusunod na batayan sa pagpapagamot, ang Centro Screening ay direktang mag papaapuntamento sa lahat ng pangpapagamot at pagpapasuri. Lahat ng ito ay libre.

Dapat ba akong Magtiwala?

Ang FOBT (Faecal Occult Blood Test) ay isang mabisang paraan ng immunochemical test na gumagamit ng mga antibodies tiyak upang makita ang dugo ng tao (anti-globin antibodies) upang bigyang pansin ang pagdurugo ng bituka. Binibigyang-daan ka ng pagsusulit na ito na mangolekta ng isang sample ng dumi at hindi tatlo gaya ng kinakailangan sa iba pagsusuri. Hindi din kinakailangang sundin ang anumang diyeta.

Ang sentro kung saan binabasa ng mga resulta para sa fecal occult blood test, ay mga ekspertong laboratoryo na sumusuri ng hindi bababa sa 60,000 screening fecal sample bawat taon.

Ang lahat ng mga pamamaraan ay sumusunod sa pambansa at European na mga alituntunin at napapailalim sa mga kontrol sa kalidad ng mga resulta.

